

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 12:6

CANTABO Dómino, qui bona tríbuit mihi: et psallam nómini Dómini altíssimi.

UMAWIT kayo sa Panginoon, sapagka't gumawa Siya ng mabuti sa akin. Aawitan ko ang pangalan ng Panginoon, na kataas-taasan.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUMPTIS munéribus sacris, quæsumus, Dómine: ut cum frequentatióne mystérii, crescat nostræ salútis effectus. Per Dóminum.

KAMING mga nakinabang sa iyong mga kaloob, hinihiling namin, Panginoon, sa aming pakikisalo sa mysteryong ito, nawa'y lumago sa amin ang iyong ginawang pagliligtas. Sa pamamagitan ni Hesukristo...

Pro Octava SSmi. Corporis Christi:

FAC NOS, quæsumus, Dómine, divinitátis tuæ sempitérna fruitiône repléri: quam pretiósí Corporis et Sanguinis tui temporalis percéptio præfigurat: Qui vivis et regnas.

Para sa Oktaba ng Corpus Christi:

IPAGKALOOB mo, Panginoon, hinihiling namin, na magalak nawa kami kailanman, kaming nakikibahagi sa buhay na banal, yamang ipinahihiwatig ito sa kasalukuyan sa pagtanggap namin sa mahal mong Dugo at Katawan. Ikaw na nabubuhay at naghahari...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2021
Comision Para sa Pagsasalin
Contributor: AJP



IKALAWANG LINGGO
MAKALIPAS ANG
PENTECOSTES

SA OKTABANG
KAMAHAL-MAHALANG
KATAWAN NI KRISTO

Misa "Factus Est"

• II cl. • Semidoble. • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 17:19-20

FACTUS est Dóminus protéctor meus, et edúxit me in latitúdinem: salvum me fecit, quóniam vóluit. — *Ps 17:2-3* Dlígam te. Dómine, virtus mea: Dóminus firmaméntum meum et refúgium meum et liberátor meus. *V.* Gloria Patri. Factus est.

DUMATING ang Panginoon kong tagapagtanggol. Pinalaya Niya ako at sinagip, sapagka't minamahal niya ako. — *Salmo 17:2-3* Minamahal kita, Panginoong aking lakas; ang Panginoon ang tanggulan at tagapagligtas ko! *V.* Luwalhati sa Ama. — Dumating ang Panginoon...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

SANCTI nóminis tui, Dómine, timórem páriter et amórem fac nos habére perpétuum: quia numquam tua gubernatióne destítuis, quos in soliditáte tuæ dilectiúnis instítuis. Per Dominum.

Pro Octava SSmi. Corporis Christi:

DEUS, qui nobis sub Sacraménto mirábili passiúnis tuæ memóriam reliquísti: tríbue, quæsumus, ita nos Córporis et Sanguinis tui sacra mystéria

IPAGKALOOB Mo, O Diyos, na palagian naming pamitaganan at ibigin ang banal mong Ngalan, sapagkat hindi Mo ipinagkakait ang Iyong pagpapatnubay sa mga nananahan sa saligan ng Iyong pagmamahal. Sa pamamagitan ni Hesukristo...

Para sa Oktaba ng Corpus Christi:

O DIYOS, nagbigay Ka sa amin ng alaala ng Iyong paghihirap sa kahanga-hangang Sakramento na ito. Loobin mong sa pamiminutho nitong mga banal na katotohanan sa iyong Katawan at Dugo ay

venerári; ut redemptionis tuæ fructum in nobis iúgiter sentiámus: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

madama namin ang mga bunga ng Iyong pagtubos. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Diyos Ama...

SULAT • 1 Jn 3:13-18

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Juan.

MGA KAPATID: Huwag kayong magtaka kung kinapopootan kayo ng sanlibutan. Nalalaman nating lumipat na tayo sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananatili sa kamatayan. Mamamatay-tao ang napopoot sa kanyang kapatid, at nalalaman ninyong ang buhay na walang hanggan ay wala sa mamamatay-tao. Dito natin nalalaman ang pag-ibig: inialay ni Cristo ang kanyang buhay para sa atin. Kaya't dapat din nating ialay ang ating buhay para sa mga kapatid. Kapag nakita ng isang maykaya sa buhay ang kanyang kapatid na nangangailangan, at pinagkaitan niya ito ng tulong, masasabi bang siya'y umiibig sa Diyos? Mga anak, huwag tayong magmahal sa salita lamang, kundi patunayan natin ito sa gawa. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 119:1-2; Ps 7:2

AD Dóminum, cum tribulárer, clamávi, et exaudivit me.

V. Dómine, libera ánimam meam a lábiis iníquis, et a lingua dolósa.

Allelúia, allelúia. **V.** Dómine, Deus meus, in te sperávi: salvum me fac ex ómnibus persequéntibus me et líbera me. **Allelúia.**

SA Panginoo'y tumawag ako sa aking kapighatian, at pinakinggan Niya ako.

V. Panginoon, ilayo mo ang aking kaluluwa sa mga makakating labi, at sa mga dilang masasama.

Aleluya, aleluya! **V.** Panginoon kong Diyos, umaasa ako sa Iyo. Iligtas mo ako mula sa mga umuusig sa akin at palayain mo ako. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 14:16-24

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi ni Hesus sa mga Pariseo ang talinhagang ito: “Isang lalaki ang naghanda ng isang malaking salu-salo, at marami siyang inanyayahan. Nang dumating ang oras ng handaan, inutusan niya ang kanyang alipin at ipinasabi sa mga inanyayahan, ‘Halina kayo, handa na ang lahat!’ Ngunit nagdahilan silang lahat. Ang sabi ng una, ‘Nakabili ako ng bukid at kailangan ko itong puntahan. Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin sa akin.’ Sinabi naman

ng isa, ‘Nakabili ako ng limang magkapares na baka at kailangang masubukan ko sa bukid ang mga iyon. Kayo na sana ang bahalang magpaumanhin sa akin.’ Sinabi naman ng isa, ‘Ako’y bagong kasal, kaya’t hindi ako makakadalo.’ Bumalik ang alipin at ibinalita ito sa kanyang panginoon. Nagalit ang panginoon at sinabi sa alipin, ‘Pumunta ka kaagad sa mga lansangan at sa makikipot na daan ng lungsod at isama mo rito ang mga mahihirap, mga lumpo, mga bulag, at mga pilay.’ Pagkatapos sinabi ng alipin, ‘Panginoon, nagawa ko na po ang iniutos ninyo, ngunit marami pang bakanteng upuan.’ Kaya’t sinabi ng panginoon sa alipin, ‘Pumunta ka sa mga lansangan at sa mga daan, at pilitin mong pumarito ang sinumang makita mo upang mapuno ang aking bahay. Sinasabi ko sa inyo, isa man sa mga unang inanyayahan ay hindi makakatikim ng aking handa!’” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 6:5

DOMINE, convértere, et éripe ánimam meam: salvum me fac propter misericórdiam tuam.

PANGINOON, bumalik ka’t sagipin ang kaluluwa ko: iligtas mo ako ayon sa iyong kagandahang-loob.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OBLATIO nos, Dómine, tuo nómini dicánda puríficet: et de die in diem ad coeléstis vitæ tránsferat actiónem. Per Dominum.

Pro Octava SSmi. Corporis Christi:

ECCLESIAE tuæ, quæsumus, Dómine, unitátis et pacis propítius dona concéde: quæ sub oblátis munéribus mystice designántur. Per Dominum.

MALINIS nawa kami ng paghahaing ipinamamanhik namin sa iyong ngalan, Panginoon, at ang araw-araw naming pamumuhay ay mapalapit sa buhay sa kalangitan. Sa pamamagitan ni Hesukristo...

Para sa Oktaba ng Corpus Christi:

GAWARAN Mo ang iyong Simbahan, hinihiling namin, Panginoon, ng kapayapaan at pagkakaisa na nakalarawan sa mga handog na ito. Sa pamamagitan ni Hesukristo...

▪ **Prepasyo ng Banal na Santatlo.**